Gabay na Plano sa Pamamahala ng Pagkakalantad sa COVID-19 para sa Mga Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan

Kamakailang mga Pagbabago: (Mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

10/7/21

- Nagdagdag ng pagpipiliang pinaikling pagkukulong para sa mga nalantad na tao na nananatiling walang mga sintomas at magkaroon ng ispesimen na kinolekta sa ika-5 Araw o kalaunan pagkatapos ng petsa ng huling pagkakalantad at masusuring negatibo.
- Nilinaw na ang mga miyembro na nasa parehong koponan bilang kumpirmadong may kaso ay inaatasan na magpasuri lingo-linggo sa loob ng 2 linggo mula sa huling petsa na ang may kaso ay naroon sa koponan habang nakakahawa, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna o pagkakalantad.
- Nagdagdag na ang mga koponan o grupo sa mga Programa sa Palakasan ng Kabataan na may aktibong pagsiklab ay maaaring kailanganin na pansamantalang itigil ang mga aktibidad hanggang sa karagdagang abiso ng DPH.
- Nilinaw na ang mga submisyon ng maling positibong pagsusuri (false positive test) ay hindi tatanggapin para sa mga Programa sa Palakasan ng Kabataan na may aktibong pagsiklab.
- Muling inorganisa ang nilalaman upang gawing simple ang pagbabasa at pag-unawa.

Isang nakatuon na pagtugon ng pampublikong kalusugan (targeted public health response) para mapigil ang mga pagkakalantad sa COVID-19 sa antas ng komunidad (community level) ay maaaring makatulong para labis na palawigin (maximize) ang epekto ng pagtugon ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa COVID-19.

Ang mga Programa sa Organisadong Palakasan ng Kabataan ay mga pinagkakatiwalaang kapartner sa komunidad na makakatulong sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para mapabuti ang pagiging maagap at epekto ng pagtugon ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng agarang pagsisimula ng Plano sa Pamamahala ng Pagkakalantad sa COVID-19 (COVID-19 Exposure Management Plan o EMP). Ang agarang pagpapatupad ng isang Plano sa Pamamahala ng Pagkakalantad kapag ang isang solong kaso ng COVID-19 ay natukoy sa loob ng programang Panlibangang Palakasan ay maaaring magpabilis sa kakayahan na pigilan ang pagkalat ng impeksyon at maiwasan mangyari ang paglaganap.

Ang mga hakbang para sa pamamahala ng pagkakalantad (exposure management) sa 1, 2, at 3 o mas marami pang mga kaso ng COVID-19 sa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan ay inilarawan sa ibaba at ibinuod sa Apendiks A. Dahil sa ang mga Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan ay magkakaiba ang antas ng mapagkukunang gamit (level of resources) para sa pamamahala ng pagkakalantad sa COVID-19, ang mga *kailangang* hakbang ay ang mga pinakamababang elemento na dapat maisama sa Plano sa Pamamahala ng Pagkakalantad. Ang *mga inirekomendang hakbang* ay kinabibilangan ng mga pagpipiliang elemento para sa pamamahala ng pagkakalantad kung saan ang mga mapagkukunan ay sapat.

Tandaan na ang gabay sa pamamahala ng pagkakalantad na ito ay nalalapat sa mga organisadong liga ng panlibangang palakasan, club sa palakasan, paglalakbay na palakasan, mga kaganapan/pakikipagtagpo/kumpetisyon sa palakasan at palakasan na itinaguyod ng pribado at pampublikong paaralan na nagsisilbi sa mga estudyante ng mga Paaralang TK12. Ang gabay na ito ay pangdagdag sa Protokol para sa Organisadong Palakasan ng Kabataan na nagbibigay ng isang buod ng mga patakaran at mga pinakamahuhusay na kasanayan sa kapaligirang ito. **Ang gabay na ito ay hindi nalalapat sa pangkolehiyo o propesyonal na palakasan o sa mga kaganapan sa komunidad tulad ng mga marathon, kalahating marathon (half-marathon), at mga karera ng katatagan (endurance races).**

Ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa Programa sa Palakasan ng Kabataan ay apektado ng mga sumusunod na kadahilanan:

- Habang dumarami ang mga indibidwal na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19, ang panganib ay **nababawasan**.
- Sa kawalan ng pagbabakuna sa COVID-19, ang panganib ay **nadaragdagan** sa: (1) palakasan na may mas malapit na antas ng pakikisalamuha sa pagitan ng mga kalahok (partikular ang harapang pakikisalamuha sa mga panloob [indoors] na palakasan); (2) palakasan na mas madalas gawin at mas mahaba ang itinatagal ng malapitang pakikisalamuha; (3) palakasan na may mataas na kontak na may mas higit na antas ng pagbibinat na nakapagpapataas sa dalas ng paghinga at dami ng hangin na nalalanghap at inihihinga sa bawat paghinga.

Sa mga gabay na sumusunod, ang terminong “sambahayan” (“household”) ay binigyang kahulugan bilang “mga taong naninirahan ng

sama-sama bilang isang solong yunit ng paninirahan" at hindi dapat kabilangan ng mga sitwasyon sa pang-grupong paninirahan na pang-institusyon tulad ng mga dormitoryo, kapatiran (fraternities), kapatirang pangkababaihan (sororities), monasteryo, kumbento, o mga pasilidad sa pangangalagang pantirahan, hindi rin kabilang rito ang mga napagkasunduang tirahan na pangkomersyal tulad ng mga paupahang bahay (boarding house), hotel, o motel[1]. Ang mga terminong "kawani" ("staff") at "empleyado" ay nilalayong kabilangan ng mga tagapagturo (coaches), empleyado, suportang kawani, boluntaryo, intern at mga nagsasanay (trainees), mga iskolar at lahat ng iba pang mga indibidwal na nagsasagawa ng trabaho sa lugar o para sa aktibidad ng panlibangang palakasan (recreational sport). Ang mga terminong "mga manlalaro", "mga kalahok", "mga miyembro ng pamilya", "mga bisita" o "mga kostumer" ay dapat na maunawaan na kabilang ang mga miyembro ng publiko at iba pa na hindi mga kawani (staff) o empleyado na gumugugol ng oras (spend time) sa negosyo o lugar o nakikibahagi sa mga aktibidad. Ang mga terminong "establisyemento", "lugar" , at "pasilidad" ay tumutukoy sa gusali, o bakuran (grounds), kung saan ang mga pinahihintulutang aktibidad ay isinasagawa. Ang "LACDPH" o "Public Health" ay ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County.

Pagpaplano sa Pamamahala ng Pagkakalantad Bago Makilala ang 1 May Kaso ng COVID-19

- ❑ *Kailangan*: Ang itinalagang Opisyal ng Pagsunod sa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan sa COVID-19 (kinikilala bilang "Compliance Officer") na siyang responsable para sa pagtataguyod at pagpapatupad ng lahat ng mga proseso sa kaligtasan sa COVID-19 at sinisigurado na ang lahat ng mga kalahok ay makakatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19. Ang itinalagang COVID-19 Opisyal ng Pagsunod (Compliance Officer) ay magsisilbing tagapag-ugnay (liaison) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (DPH) para sa pagbabahagi ng impormasyon na may kinalaman sa pagkontrol ng pagkalat ng COVID-19 sa programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan.
- ❑ *Kailangan*: Ang plano para sa lahat ng mga kalahok at kawani na (1) may mga sintomas na naaayon sa COVID-19, (2) nakakulong (quarantine) dahil sa mga pagkakalantad, o (3) ay bahagi ng programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan na may aktibong imbestigasyon ng pampublikong kalusugan na magkaroon ng akses sa pagsusuri (testing) o masuri para sa COVID-19.* *Tandaan: Ang pagsusuri (testing) o pagkukulong (quarantine) ay hindi kinakailangan para sa mga indibidwal na walang mga sintomas na ganap nang nabakunahan[2] o gumaling na mula sa COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo sa loob ng nakalipas na 90 araw maliban kung ang Pampublikong Kalusugan ay itituring itong kailangan bilang bahagi ng aktibong imbestigasyon.
- ❑ *Kailangan:* Plano na nangangailangan na ang mga hindi pa nabakunahang kabataang atleta at kawani na nakikilahok sa mga panloob na palakasan na may banayad o mataas na panganib at mga kabataang atleta na edad 12 taong gulang pataas at mga kawaning lumalahok sa mga palakasang panlabas na lugar na may banayad o mataas na panganib ay magpasuri linggo-linggo. Dagdag pa rito, kung may kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa kabataang koponan sa palakasan, ang mga atleta at kawani na lumalahok sa kabataang koponan sa palakasan ay inaatasan na magpasuri linggo-linggo sa loob ng 2 linggo, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna o pagkakalantad. Tandaan: Ang lingguhang pananalang pagsusuri ay HINDI inaatas para sa mga (1) ganap nang nabakunahang mga tao; (2) mga tao na kamakailan lang ay gumaling mula sa COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo sa loob ng 90 araw; (3) mga atleta na wala pang 12 taong gulang na lumalahok sa panlabas na lugar na palakasan na may mababa, banayad, o mataas na panganib. Ang listahan ng palakasan ayon sa kategorya ng panganib ay ipinapakita sa Protokol para sa Organisadong Palakasan ng Kabataan.
- ❑ *Inirerekomenda*: Sa maramihang county at maramihang araw na kumpetisyon, ang negatibong pagsusuri sa COVID-19 sa loob ng 3 araw bago ang unang laro ay inirerekomenda para sa mga atleta at kawani na lumalahok sa mga kaganapang ito.
- ❑ *Inirekomenda:* Ang mga Programa sa Organisadong Palakasan ng Kabataan na piniling magpatupad ng programa sa pagsusuri (screening) ng sintomas ay pinapayuhang gamitin ang gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan *sa* Mga Landas ng Desisyon para sa mga taong hindi pa nasuri para sa COVID-19 pero nasuring positibo para sa mga sintomas bago o habang nakikilahok sa Programang Palakasan.

Pamamahala ng Pagkakalantad para sa 1 May Kaso ng COVID-19

- ❑ *Kailangan:* Pagkatapos kilalanin ang 1 kumpirmadong may kaso ng COVID-19 (kalahok o kawani), inaatasan ng Opisyal ng Pagsunod (Compliance Officer) ang may kaso na sundin ang mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay (Home Isolation Instructions) para sa COVID-19 (ph.lacounty.gov/covidisolation). TANDAAN: ang kumpirmadong kaso ng COVID-19 ay indibidwal na mayroong positibong pagsusuri sa COVID-19.

[1] County Code ng Los Angeles, Titulo 22. §22.14.060 - F. Depinisyon ng Pamilya (Ord. 2019-0004 § 1, 2019.)
https://library.municode.com/ca/los_angeles_county/codes/code_of_ordinances?nodeId=TIT22PLZO_DIV2DE_CH22.14DE_22.14.060F

[2] Ganap na nabakunahan ay tinukoy bilang dalawang linggo o higit pa ang nakalipas mula nang matanggap ang pangalawang dosis sa 2-dosis na serye ng bakuna O dalawang linggo o higit pa ang nakalipas mula nang matanggap ang isahang-dosis na bakuna.

- ❑ *Kailangan*: Ang Opisyal ng Pagsunod ay nagbibigay ng kopya ng Utos sa Pagbubukod ng Emerhensya ng Pampublikong Kalusugan at ipagbibigay-alam sa may kaso na ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay makikipag-ugnayan ng direkta sa may kaso sa pamamagitan ng programa ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na nag-iimbestiga ng mga Kaso at Kontak (Case and Contact Investigation Program) para mangolekta ng karagdagang impormasyon at pormal na maglabas ng Utos ang Opisyal ng Kalusugan para sa Pagbubukod ng Kaso (Case Isolation).

- ❑ *Kailangan*: Ang Opisyal ng Pagsunod ay nagtatrabaho para kilalanin ang lahat ng indibidwal sa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan na nalantad sa kumpirmadong positibong kaso sa panahong sila ay may impeksyon (Mga Malapitang Pakikisalamuha)

    - Ang may kaso ay itinuturing na nakakahawa mula sa 2 araw bago ang kanilang mga sintomas ay unang lumitaw hanggang sa panahon na sila ay hindi na kailangang ibukod (ibig sabihin, walang lagnat na hindi bababa sa 24 oras, ng hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat AT ang iba pang mga sintomas ay bumuti na AT hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas mula ng unang araw ng pagkakasakit). Ang tao na positibong nasuri sa COVID-19 ngunit walang mga sintomas ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago magpasuri hanggang sa 10 araw pagkatapos ng kanilang pagsusuri.
    - Malapitang Nakasalamuha: Ang tao ay itinuturing na nalantad sa may kaso sa panahong nagkakahawahan kung kahit isa sa mga sumusunod na pamantayan ay matugunan:
        - Pagiging nasa loob ng 6 na talampakan ang layo sa nahawahang tao ng 15 minuto o mas matagal pa sa loob ng 24 na oras.
        - Nagkaroon ng hindi protektadong pagkakakontak sa likido ng katawan (body fluid) ng nahawahang tao at/o mga inilalabas ng katawan ng taong kumpirmadong may COVID-19 (ibig sabihin, naubuhan o nabahingan, pagsasalo-salo ng paggamit ng mga kubyertos o laway, o pag-aalaga ng hindi gumagamit ng naaangkop na pamprotektang kagamitan).
        - Ang mga pagkakalantad ay rerepasuhin ng Pampublikong Kalusugan para kumpirmahin kung sinong mga tao ang nangangailangan na magkulong (quarantine) kabilang ang posibilidad ng pagkukulong (quarantine) sa lahat ng indibidwal na nasa parehong koponan kasama ang nahawahang tao o mga indibidwal na nasa kalabang koponan na nakikipaglaro laban sa koponan na may nahawahang tao kung ang mga pagkakalantad ay hindi maitatanggi.

- ❑ *Kailangan*: Ang Opisyal ng Pagsunod ay kinakailangang mag-ulat ng mga sumusunod sa Pampublikong Kalusugan: (1) mga kawani at kalahok na may kumpirmadong COVID-19 na nasa (mga) Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang petsa ng pagsisimula ng sakit at (2) mga tao sa Programa sa Panlibangang Palakasan ng Kabataan na nalantad sa nahawahang tao sa panahong nagkakahawahan.

    - Ang ligtas na pag-uulat online ay ang mas pinipiling paraan sa pag-aabiso sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng mga pagkakalantad sa COVID-19 at maaaring gawin sa kompyuter o mobile na aparato (mobile device) na may akses sa ligtas na aplikasyon ng web: http://www.redcap.link/lacdph.educationsector.covidreport. Kung ang online na pag-uulat ay hindi posible, ang pag-uulat ay maaaring gawin ng manu-mano sa pamamagitan ng pagda-download at pagkumpleto sa Listahan ng Linya ng COVID-19 na Kaso at Kontak para sa Sektor ng Edukasyon at ipadala ito sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov. Ang lahat ng mga abiso sa kaso ay dapat na maisumite sa loob ng 1 araw ng negosyo pagkatapos na maabisuhan ng kaso.

- ❑ *Kailangan:* Kung nakilala ang mga nalantad na indibidwal mula sa kalabang koponan, ang Opisyal ng Pagsunod ng kalabang koponan ay dapat na mag-ulat ng mga malapitang pakikisalamuhang ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng pag-email sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa opisyal ng Pagsunod upang magtipon ng impormasyon na kailangan sa pagkakalantad, kabilang ang mga partikular na (mga) kaganapan sa palakasan kung saan naganap ang pagkakalantad at karagdagang impormasyon sa mga nalantad na indibidwal upang kumpirmahin kung sinong mga indibidwal ang nangangailangan ng pagkukulong (quarantine).

- ❑ *Kailangan:* Ang lahat ng tao na kinilalang nagkaroon ng pagkakalantad sa positibong kaso ng COVID-19 sa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan ay inaabisuhan ng Opisyal ng Pagsunod tungkol sa pagkakalantad. Ang komunikasyon ay dapat na may kasamang kopya ng Utos sa Pagkukulong (quarantine) ng Emerhensya ng Pampublikong Kalusugan. Ang abiso ng pagkakalantad ay dapat na kinabibilangan ng mga elemento na nakalista sa ibaba. TANDAAN: Ang mga template ng sulat ng Abiso sa Pagkakalantad ay makukuha sa: COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan. (sumangguni sa sulat na Template 1)

    - Ang mga kalahok at kawani na may pagkakalantad* sa may kaso ay dapat na magpasuri para sa COVID-19, maging sila man ay may mga sintomas o wala, at ipagbigay-alam sa Opisyal ng Pagsunod ang mga resulta ng pagsusuri. Matutukoy nito ang

lawak ng pagkalat ng sakit sa Programa sa Organisadong Palakasan ng Kabataan at magsisilbing batayan para sa mga karagdagang hakbang sa pagkontrol. Ang mga sangguniang mapagkukunan ng pagsusuri ay kinabibilangan ng: mga Serbisyo sa Kalusugan ng Empleyado o mga Serbisyo sa Kalusugan sa trabaho (Employee Health Services or Occupational Health Services), Sentro sa Kalusugan ng mga estudyante (Student Health Center), Tagabagbigay ng Pangangalaga sa Kalusugan (Personal Healthcare Providers), Mga Lugar sa Pagsusuri sa Lungsod at County ng LA: covid19.lacounty.gov/testing at mga Mga Lugar ng Pagsusuri na Nakabase sa Komunidad (lokal na mga sentro ng kalusugan at parmasya). Ang mga indibidwal na nangangailangan ng tulong sa paghahanap ng medikal na tagapag-alaga (medical provider) ay maaaring tumawag sa linya ng Impormasyon ng LA County 2-1-1, na magagamit 24/7.

- Ang mga nalantad na indibidwal na walang eksemsyon [not exempted] sa pagkukulong (tingnan ang mga eksemsyon sa ibaba) ay dapat na magkulong(quarantine) ng sarili* (manatili sa kanilang bahay o ibang tirahan, hiwalay sa iba) at magsubaybay ng mga sintomas tulad ng binalangkas sa Pagkukulong (Qurantine) at Iba bang Tagubilin para sa mga Malapitang Nakasalamuha. Hangga't sila ay hindi nagkakaroon ng mga sintomas ng COVID-19, maaari nilang tapusin ang pagkukulong alinman sa:

- Pagkatapos ng 10 buong araw ang nakalipas mula sa kanilang huling napag-alamang pakikisalamuha sa nahawahang kaso (tulad ng inilarawan sa itaas). Maaaring ipagpatuloy ang mga aktibidad simula sa ika-11 Araw. Dapat nilang ipagpatuloy na subaybayan ang kanilang kalusugan at sumunod sa mga pag-iingat sa pagpigil sa COVID-19 hanggang ika-14 na Araw.

- Pagkatapos ng 7 buong araw ang nakalipas mula sa kanilang huling napag-alamang pakikisalamuha sa nahawahang kaso kung mayroon silang negatibong resulta ng pagsusuri sa virus mula sa ispesimen na kinolekta noon o pagkatapos ng ika-5 Araw mula sa petsa ng huling pagkakalantad sa kaso. Maaaring ipagpatuloy ang mga aktibidad simula sa ika-8 Araw. Dapat nilang ipagpatuloy na subaybayan ang kanilang kalusugan at sumunod sa mga pag-iingat sa pagpigil sa COVID-19 hanggang ika-14 na Araw. Tandaan na ang pagsusuri ay dapat na isang pagsusuri sa virus ng COVID-19 na pinapayagan ng FDA, kabilang ang Pagsusuring Nucleic Acid Amplification (NAAT, tulad ng PCR) o Antigen test, na kinolekta at isinagawa sa kapaligiran ng pangangalagang pangkalusugan o sertipikadong lugar ng pagsusuri.
- Ang sumusunod na mga malapitang nakasalamuha ay malayang hindi magkulong (quarantine) hangga't sila ay nananatiling walang mga sintomas.
    - Mga taong ganap nang nabakunahan.
    - Mga taong gumaling na mula sa COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo sa nakalipas na 90 araw.

  Bagaman hindi nila kailangan na magkulong, dapat silang magsubaybay ng mga sintomas at mahigpit na sumunod sa mga pag-iingat sa COVID-19 sa loob ng 14 na araw mula sa kanilang huling pagkakalantad. Inirerekomenda na ang mga ganap nang nabakunahang tao ay magpasuri sa virus 3-5 araw pagkatapos ng kanilang huling pagkakalantad. Walang pagsusuri ang inirerekomenda para sa mga taong gumaling kamakailan sa COVID-19. Tingnan ang Pagkukulong at Iba pang mga Tagubilin para sa mga Malapitang Nakasalamuha.
- Makikipag-ugnayan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa mga nalantad na tao na nakatutugon sa mga patakaran ng pagkukulong (quarantine) sa pamamagitan ng Programa ng Imbestigasyon ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng may mga Kaso at Kontak (Case and Contact Investigation Program) para mangolekta ng karagdagang impormasyon at pormal na maglabas ng Utos ang Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkukulong (quarantine).

❑ *Kailangan*: Ang lahat ng mga miyembro na nakikilahok sa parehong koponan kabilang ang kumpirmadong may kaso ay inaatasan na magpasuri lingo-linggo sa loob ng 2 linggo mula sa huling petsa na ang may kaso ay naroon sa koponan habang nakakahawa, hindi alintana ang katayuan sa pagpapabakuna o pagkakalantad.

❑ *Kailangan:* Kung ang indibidwal na may kumpirmadong COVID-19 ay nakilahok sa panahong sila ay nakakahawa sa anumang mga laro, torneyo, o iba pang mga aktibidad na may kinalaman sa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan na kinasasangkutan ng iba pang mga koponan, ang Opisyal ng Pagsunod ay dapat na abisuhan ang (mga) kalabang koponan sa potensyal na pagkakalantad. Ang template ng sulat ng abiso ay makukuha sa: COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan (sumangguni sa Template ng Sulat 2). Ang mga Opisyal ng Pagsunod para sa lahat ng mga apektadong koponan ay dapat magtulungan para makilala ang sinumang mga indibidwal na nakatutugon sa pamantayan ng pagkakalantad. Kung ang kalabang koponan ay may mga indibidwal na nalantad, ang Opisyal ng Pagsunod ng kalabang koponan ay dapat na mag-abiso sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng pagkakalantad sa pamamagitan ng email sa ACDC-Educaton@ph.lacounty.gov sa loob ng 1 negosyong araw ng maabisuhan sa pagkakalantad. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa Opisyal ng Pagsunod ng kalabang koponan para mangolekta ng impormasyon na kailangan para sa pamamahala ng pagkakalantad.

❑ *Inirekomenda:* Tutukuyin ng Opisyal ng Pagsunod kung kakailanganin pa ang karagdagang abiso para ipagbigay-alam sa mas malawak na komunidad ang tungkol sa pagkakalantad at mga pag-iingat na ginagawa para pigilin ang pagkalat ng COVID-19. Ang

pangkalahatang pagkakalantad na template ng sulat ng abiso ay makukuha sa: COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan. (sumangguni sa Template na Sulat 3)

Pamamahala ng Pagkakalantad para sa 2 Kaso ng COVID-19 sa Loob ng 14 na Araw na Panahon

- ❑ *Kailangan:* Pagkatapos na kilalanin ang 2 kumpirmadong kaso (mga kalahok at kawani) sa loob ng 14 na araw na panahon, sinusunod ng Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan ang mga *kinakailangang* hakbang para sa 1 kumpirmadong kaso.
- ❑ *Inirekomenda:* Tutukuyin ng Opisyal ng Pagsunod kung ang 2 kaso ay epidemiolohikang may koneksyon (epidemiologically linked), nangangahulugan na ang dalawang apektadong indibidwal sa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan ay parehong naroroon sa ilang punto sa parehong kapaligiran sa parehong oras ng panahon habang ang sinuman sa kanila o pareho sila ay nakakahawa.
    - Ang pagtukoy ng mga epidemiolohikal na koneksyon (epidemiological link) sa pagitan ng mga kaso ay maaaring mangailangan ng karagdagang imbestigasyon para masuri ang kasaysayan ng pagkakalantad at alamin ang lahat ng mga posibleng lokasyon at mga tao na maaaring nalantad sa kaso habang ito ay nakakahawa sa Programa ng Organisadong Panlibangang Palakasan ng Kabataan. TANDAAN: Ang mga kaso na may epidemiolohika na koneksyon ay kinabibilangan ng mga tao na nasa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan na may mga natutukoy na koneksyon sa isa't isa (ibig sabihin, nasa parehong koponan, pagsasama-sama ng pisikal na espasyo [sharing physical space] tulad ng isang silid ng bihisan [locker room] o kotse, pagdalo sa panlipunang pagtitipon nang sama-sama), na nagpapahiwatig ng mas mataas na posibilidad ng konektadong pagkalat ng sakit sa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan sa halip na manaka-nakang transmisyon mula sa mas malawak na komunidad

Pamamahala ng Pagkakalantad para sa ≥ 3 Kaso ng COVID-19 sa Loob ng 14 na araw na Panahon

- ❑ *Kailangan:* Kung nalaman ng Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan ang kumpol (cluster) ng 3 o mas marami pang kumpirmadong kaso (mga kalahok at/o kawani) sa loob ng 14 na araw, ang Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan ay dapat magpatuloy ng mga sumusunod na hakbang:
    - Iulat agad ang kumpol (cluster) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Ang ligtas na pag-uulat online ay ang mas pinipiling paraan sa pag-aabiso sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan at maaaring gawin sa kompyuter o mobile na aparato (mobile device) na may akses sa ligtas na aplikasyon ng web: http://www.redcap.link/lacdph.educationsector.covidreport. Kung ang online na pag-uulat ay hindi posible, ang pag-uulat ay maaaring gawin ng manu-mano sa pamamagitan ng pagda-download at pagkumpleto sa Listahan ng Linya ng COVID-19 na Kaso at Kontak para sa Sektor ng Edukasyon at pagpapadala nito sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov.
    - Rerepasuhin ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ang isinumiteng impormasyon para tukuyin kung ang pamantayan ng pagsiklab (outbreak criteria) na inilarawan sa ibaba ay natugunan at aabisuhan ang Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan sa loob ng 1 araw ng negosyo ng mga susunod na hakbang.
    - Pamantayan ng Pagsiklab para sa Sektor ng Edukasyon: Hindi bababa sa 3 kaso na kumpirmado na may sintomas o walang sintomas na COVID-19 sa tagal na 14 na araw na panahon sa hanay ng mga miyembro ng Programa sa Organisadong Palakasan ng Kabataan na may mga epidemiolohikang koneksyon, hindi magkakasama sa isang sambahayan, at hindi malapitang nakakasalamuha ang isa't isa sa labas ng lugar ng programang pang-edukasyon o pangkabataan. Ang mga epidemiolohika na koneksyon ay nangangailangan na ang mga nahawahang tao ay naroroon sa ilang punto sa parehong kapaligiran sa parehong oras ng panahon habang nakakahawa.
        - Kung ang pamantayan sa pasiklab ay natutugunan, aabisuhan ng DPH ang Opisyal sa Pagsunod na ang imbestigasyon sa pagsiklab ay isinaaktibo para sa Programa sa Palakasan ng Kabataan. Ang Imbestigador ng Pampublikong Kalusugan ay direktang makikipag-usap sa Opisyal ng Pagsunod upang pagtugmain ang pagtugon sa pagsiklab. Ang Programa sa Palakasan ng Kabataan ay maaaring atasan na pansamantalang itigil ang mga aktibidad para sa mga koponan ng palakasan o grupo ng palakasan na may pagsiklab hanggang sa karagdagang abiso. Ang mga submisyon ng maling positibong (false positive) pagsusuri mula sa Programa sa Palakasan ng Kabataan na may aktibong pagsiklab ay hindi tatanggapin sa panahon ng imbestigasyon ng pagsiklab.

Apendiks A: Mga Hakbang para sa Pamamahala ng Pagkakalantad para sa mga Kaso ng COVID-19 sa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan

1 Kaso	1) Kailangan: Tuturuan ng Programa sa Palakasan ng Kabataan ang may kaso na sundin ang COVID-19 Gabay sa Pagbubukod sa Bahay. 2) *Kailangan*: Ang Programa sa Palakasan ng Kabataan ay magbibigay ng kopya ng Utos sa Pagbubukod ng Emerhensya ng Pampublikong Kalusugan at ipapaalam sa may kaso na ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay direktang makikipag-ugnayan sa may kaso para mangolekta ng karagdagang impormasyon. 3) *Kailangan*: Ang Programa sa Palakasan ng Kabataan ay makikipagtulungan sa may kaso para kilalanin ang mga indibidwal na nalantad sa kaso. Maaaring kabilangan ito ng mga indibidwal ng kalabang koponan kung ang kaso ay lumahok sa anumang mga laro o torneyo sa panahong sila ay nakakahawa. TANDAAN: Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa (mga) Programa para kumpirmahin ang lahat ng mga nalantad na nakasalamuha na nangangailangan ng pagkukulong (quarantine), kabilang ang posibilidad ng pagkukulong (quarantine) sa mga unang hindi pinangalanan bilang mga malapitang nakasalamuha sa Programa ng Organisadong Palakasan ng Kabataan, kung ang mga pagkakalantad ay hindi maitatanggi. 4) *Kailangan*: Aabisuhan* ng Programa sa Palakasan ng Kabataan ang mga nalantad na nakasalamuha tungkol sa pagkakalantad. Ang mga nakasalamuha ay inutusan na magkulong sa bahay, magpasuri para sa COVID-19 dahil sa kanilang pagkakalantad at mabigyan ng kopya ng Utos ng Pagkukulong (Quarantine) ng Pampublikong Kalusugan para sa Emerhensya. Ipanaalam sa kanila na ang DPH ay direktang kokontak sa kanila upang mangolekta ng karagdagang impormasyon. 5) *Kailangan*: Magsusumite ang Programa sa Palakasan ng Kabataan ng ulat sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa loob ng isang (1) negosyong araw na may impormasyon para sa mga kumpirmadong kaso at mga taong nalantad sa may kaso sa Programa sa Palakasan ng Kabataan. 6) *Kailangan*: Ang Programa sa Palakasan ng Kabataan ay nagpapadala ng pangkalahatang abiso* upang ipaalam sa mas malawak na komunidad ng pagkalantad at pag-iingat na ginawa upang maiwasan ang pagkalat.
2 Kaso	1) *Kailangan:* Sundin ang mga kinakailangang hakbang na inilaan para sa 1 kumpirmadong kaso. 2) *Kailangan*: Kung ang 2 kaso ay nangyari sa loob ng 14 na araw ng bawat isa, makikipagtulungan ang Programa sa Palakasan ng Kabataan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para tukuyin kung ang mga kaso ay may mga epidemiolohikang (epi) koneksyon. Kung may mga epi koneksyon, magpapatupad ang Programa sa Palakasan ng Kabataan ng mga karagdagang hakbang sa pagkontrol ng impeksyon.
3+ Kaso	1) *Kailangan*: Kung ang kumpol (cluster) ng 3 o mas marami pang mga kaso ay nangyari sa loob ng 14 na araw ng bawat isa, aabisuhan agad ng Programa sa Palakasan ng Kabataan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. 2) *Kailangan*: Tutukuyin ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan kung ang pamantayan sa pagsiklab ay natugunan. Kung ang pamantayan sa pagsiklab ay natugunan na, isasaaktibo ang imbestigasyon sa pagsiklab ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan, at ang imbestigador ng pampublikong kalusugan (public health investigator) ay makikipag-ugnayan sa Programa sa Palakasan ng Kabataan para pagtugmain (coordinate) ang imbestigasyon sa pagsiklab.